



# COVID-19

## Mga Katotohanan sa Bakuna



### BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA SA COVID-19?

- Ang bakuna ay binabawasan ang iyong panganib ng labis na pagkakasakit mula sa COVID-19, pagkakahospital, o pagkamatay. Pinabababa rin nito ang iyong panganib ng pagkakaroon ng mahabang COVID (long-COVID).
- Kailangan mo **ang lahat ng inirerekomandang dosis** (kabilang ang mga pampalakas na bakuna [boosters]) para makuha ang pinakamahusay na proteksyon.




### SINO ANG PWEDENG MAGPABAKUNA?

#### Sinuman na 5 taong gulang pataas

- Ang bakuna sa COVID-19 ay **libre** para sa lahat - kahit na wala kang seguro (insurance).
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Ang mga bakuna ay inirerekomenda para sa lahat, kabilang ang mga taong nagdadalang-tao o nagpapasuso, at mga taong nagkaroon na ng COVID-19.

### ALING MGA BAKUNA ANG INIREREKOMENDA?


	Pfizer	Moderna
Inirerekomenda:	Edad 5+	Edad 18+
Pangunahing serye:	2 dosis: 3-8 linggo ang pagitan	2 dosis: 4-8 linggo ang pagitan
Pampalakas na Bakuna #1:	5 buwan kalaunan	5 buwan kalaunan
Pampalakas na Bakuna #2:	Edad 50+: 4 na buwan kalaunan	Edad 50+: 4 na buwan kalaunan



Kung ikaw ay may **mahinang imyunidad maaaring kailanganin mo ng mga karagdagang dosis** – makipag-usap sa iyong doktor o tingnan ang [ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules](https://ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules) para sa mas marami pang impormasyon.

Ang bakunang Johnson & Johnson ay maaaring gamitin para sa mga taong edad 18+ sa [ilang sitwasyon](#). Ibinibigay ito bilang isahang dosis na may kasamang pampalakas na dosis (kasama ang alinman sa 3 bakuna) 2 buwan kalaunan. Dagdag pa dyan, ang mga taong edad 50+ o edad 18+ na nakakuha ng 2 dosis ng J&J, ay maaaring kumuha ng ika-2 pampalakas na bakunang Pfizer o Moderna.

Rekord Kard ng Pagpapabakuna sa COVID-19			
Apelyido		Pangalan	
Petsa ng Kapanganakan		Numero ng Medikal Rekord	
Vaccine	Product/Lot #	Petsa	Lugar ng Klinika
Ika-1 Dosis ng COVID-19		—/—/—	
Ika-2 Dosis ng COVID-19		—/—/—	
Ika-3 Dosis ng COVID-19		—/—/—	





# COVID-19


## Mga Katotohanan sa Bakuna

### PAANO MAKAKUHA NG BAKUNA

May daan-daang mga lugar (sites) sa buong LA County – marami ay bukas kapag Sabado at Linggo (weekend) at gabi at hindi na kailangan ng tipanan (appointment).

Para makahanap ng lokasyon sa inyong lugar:

- Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinatelacounty.com) o tawagan ang **833-540-0473**, 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.
- May magagamit ring libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay



Ang mga menor-de-edad ay kailangan ng pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para mabakunahan.

### ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)?

- Ang mga epekto ng bakuna ay pangkaraniwan at maaaring kabilangan ng pananakit o pamumula ng braso, pagkapagod, lagnat, pagkaginaw, pananakit ng ulo, o pananakit ng kalamnan. Hindi nangangahulugan na mayroon kang COVID-19. Hindi lahat ay magkakaroon nito.
- Ang mga epekto ay isang palatandaan na ang sistema ng iyong imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**. Maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahan na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala rin sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan.
- Ang mga malulubhang epekto ay bihira, at karamihan ay nagagamot.



### PAANO NAMAN ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN (SAFETY)?

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan sa libo-libong tao, kabilang ang mga tao na iba-iba ang lahi, mga mas nakatatanda, at mga taong may mga medikal na kondisyon, at napag-alaman na **ligtas at epektibo**.
- Simula noong Disyembre 2020, **daan-daang milyong tao** ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy na dumaraan sa **pinaka-masinsinang pagsusubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika (US).
- Walang ebidensya na ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkakaroon ng anak (fertility). Ligtas ang mga ito sa mga nagdadalang-tao at inirerekomenda ng mga eksperto sa pagdadalang-tao.

